أحكام الصيام ـ فلبيني

# Ang Pag-aayuno

جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

32 هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

# Ang Pag-aayuno

## أحكام الصيام - اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

**أحكام الصيام**
**أعده وترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة العاشرة: ١٤٤٢/٦ هـ.**

ح **شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٧هـ**
***فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية***

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
أحكام الصيام - فلبيني، شعبة توعية الجاليات بالزلفي
٢٣ ص؛ ٨ × ١٢ سم
ردمك: ٦ـ ٢٦ـ ٨١٣ـ٩٩٦٠
(الكتاب باللغة الفلبينية)
١- الصوم أ. العنوان
ديوي ٢٥٢,٣ ١٧/٢٠١٤

**رقم الإيداع: ١٧/٢٠١٤**
**ردمك: ٦ـ ٢٦ـ ٨١٣ـ٩٩٦٠**

# أحكام الصيام
# Ang mga Alituntunin sa Pag-aayuno

## Ang Hatol Kaugnay sa Pag-aayuno

Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadán ay isa sa limang Sandigan ng Islam dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Isinalig ang Islam sa lima: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah,[1] ang pagpapanatili sa saláh,***

[1] Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe ay Allah. Ito ay pangngalang pantangi,

***ang pagbibigay ng zakáh, ang <u>h</u>ajj, at ang pag-aayuno sa Rama<u>d</u>án.*** Muttafaq 'alayhi: 8, 16.

Ang pag-aayuno ay ang pagtigil sa pagkain, pag-inom, pakikipagtalik, at iba pang mga naka-sisira sa pag-aayuno magmula sa pagsapit ng madaling araw hanggang sa paglubog ng araw, nang may layuning mapalapit kay Allah. Ang pag-aayuno sa Rama<u>d</u>án ay napagkaisahan ang pagkatungkulin dahil ang sabi ni Allah (2:185): **Kaya ang sinumang sa inyo ay nakasaksi**[2]

---

hindi pangngalang pambalana kaya ang mga panandang gaga-mitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY.

[2] *O* naroon

**sa buwan ng Ramadán ay pag-ayunuhan niya ito.** Ito ay tungkulin ng bawat Muslim na sapat ang gulang (báligh) at lubos ang pag-iisip (áqil). Nagaganap ang kasapatan ng gulang sa pagtuntong sa edad na 15 taon, o sa pagtubo ng buhok sa mase-lang bahagi ng katawan, o sa paglabas ng punlay sa *wet dream* o sa iba pang paraan. Nadadagdagan ang babae ng isa pa: ang pagkaroon ng regla. Kapag nangyari sa tao ang isa sa mga ito, nasapit na niya ang kasapatan ng gulang.

# Ang Kalamangan ng Ramaḏán

Itinangi ni Allah ang buwan ng Ramaḏán sa pagkakaroon ng maraming kalamangan na hindi matatagpuan sa ibang panahon. Kabilang sa mga ikinatatangi at mga kalamangan na ito ay ang sumusunod:

1. Ang mga anghel ay humihingi ng tawad para sa mga nag-aayuno hanggang sa mag-sagawa ang mga ito ng *iftár*.[3]
2. Ikinakadena sa buwang ito ang mga mapag-himagsik na demonyo.

[3] Ang kinakain paglubog ng araw sa pagtatapos ng ayuno.

3. Nasa buwan ding ito ang *Laylatulqadr*[4] na mainam pa sa isang libong buwan.
4. Pinatatawad ang mga nag-aayuno sa huling gabi ng Ramadán.
5. Si Allah ay may mga pinalalaya mula sa Impiyerno sa bawat gabi ng Ramadán.
6. Ang isang ‘umrah sa Ramadán ay naka-tutumbas sa isang hajj.

Kabilang din sa mga nasasaad na kalama-ngan ng marangal na buwang ito ang isinalay-say ni Abú Hurayrah

[4] Gabi ng Pagtatakda. Ito ay isa sa sampung huling gabi ng Ramadán, ngunit hindi matiyak kung alin sa mga ito.

(RA),[5] na nagsabi: "Nag-sabi ang Sugo ni Allah (SAS):[6] ***Ang sinumang mag-ayuno sa buwan ng Ramadán nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin siya sa nagdaan na pagkakasala niya.***" Nasaad din sa Hadíth ang sabi ng Sugo (SAS): ***Ang bawat [mabuting] gawa ng anak ni Adan ay pinag-iibayo ang magandang gantimpala ng***

---

[5] (RA): **R**adiya -lláhu **'A**nhu (o **'A**nhá para sa babae). Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang Kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

[6] (SAS): **S**alla -lláhu **'A**layhi wa **S**allam: Basbasan at panga-lagaan siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

*[katumbas sa] sampung tulad nito hanggang sa pitong daang [tulad]. Nag-sabi si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan:* **Maliban sa pag-aayuno sapagkat ito ay para sa Akin at Ako ay gaganti rito;**"

## Ang Pagtiyak sa Pagsapit ng Rama<u>d</u>án

Natitiyak ang pagsapit ng Rama<u>d</u>án sa pamamagitan ng isa sa dalawa:

**1.** Ang pagkakita sa bagong buwan ng Rama<u>d</u>án. Kaya kapag nakita ang bagong buwan, isi-natungkulin na ang pag-ayuno. Sinabi ng Sugo (SAS): ***Kapag nakita ninyo ang***

***bagong buwan ay mag-ayuno kayo at kapag nakita ninyo uli ito ay tapusin na ninyo ang pag-aayuno.”*** Makasasapat sa pagtiyak ng pagkakita ng bagong buwan ng Ramadán ang isang makatarungang lalaki. Ang pagkakita naman sa bagong buwan ng Shawwál ay matitiyak lamang sa pamamagitan ng pagsaksi ng dalawang makatarungang lalaki.

**2.** Ang pagkabuo ng buwan ng Sha‘bán sa 30 araw. Kaya kapag nabuo, ang ika-30 araw ay unang araw ng buwan ng Ramadán dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***ngunit kung naging maulap sa inyo, buuhin ninyo ang***

***bilang [ng Sha'bán] sa tatlumpung araw.***

## Ang Pinapayagang Hindi Mag-ayuno

**1.** Ang may-karamdaman na inaasahan ang paggaling ngunit nagpapahirap sa kanya ang pag-aayuno. Ipinahihintulot sa kanya ang hindi mag-ayuno. Pagkatapos ay pag-aayunuhan niya ang mga araw na hindi naka-pag-ayuno [sa ibang mga araw] matapos ang karamdaman. Tungkol nama sa sinumang ang sakit ay nananatili, nagpapatuloy, at hindi na inaasahan ang paggaling, hindi na kinakai-langan sa kanay ang pag-

aayuno. Subalit siya ay magbibigay sa isang dukha para sa bawat araw [na hindi nakapag-ayuno] ng pagkain na mga isa't kalahating Kilo ng bigas o tulad nito, o maghahanda ng pagkain at anyayahan dito ang mga dukha [na ang bilang ay] ayon sa bilang ng mga araw na hindi siya nakapag-ayuno.

**2.** Ang musáfir o manlalakbay. Ipinahihintulot sa musáfir ang hindi mag-ayuno mula sa oras ng paglabas niya sa bayan niya hanggang sa makabalik siya roon, hanggat hindi siya naglayon manirahan [sa pinuntahang bayan].

**3.** Gayon din naman, ipinahihintulot sa babae, kapag siya ay nagdadalang-tao o nagpapa-suso, ang hindi mag-ayuno kapag nangamba siya para sa sarili niya o sa anak niya. Kapag nawala na ang kadahilanan, mag-aayuno siya para sa mga araw na hindi siya nakapag-ayuno.

**4.** Ang matandang nagpahihirap sa kanya ang pag-aayuno ay pinapayagang hindi mag-ayuno at wala nang pag-aayunuhan sa [ibang mga araw] subalit magbibigay siya ng pag-kain sa isang dukha para sa bawat araw [na hindi nakapag-ayuno].

# Ang mga Nakasisira sa Pag-aayuno

1. **Ang pagkain o ang pag-inom nang sadya.** Ang pagkain dahil sa pagkalimot ay hindi makaaapekto sa pag-aayuno dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang nakalimot habang siya ay nag-aayuno, kaya naman nakakain o nakainom, ay lubusin niya ang pag-aayuno niya.…***Kabilang din sa nakasi-sira sa pag-aayuno ang pag-kaabot sa tiyan ng tubig na dumaan sa ilong, ang pagpapasok ng *dextrose* sa ugat, at ang pagpapasalin ng dugo. Ang lahat ng ito ay nakasisira sa

pag-aayuno dahil ito ay isang pagpapakain para sa nag-aayuno.

2. **Ang pakikipagtalik.** Kapag nakipagtalik ang nag-aayuno sa araw ay nawalan na ng saysay ang pag-aayuno niya at kinakaila-ngan magsagawa siya ng *qadá'*[7] kasama ng *kaffárah*.[8] Ang kaffárah ay pagpapalaya ng isang alipin. Kung hindi siya nakahanap nito ay kailangan sa kanya ang mag-ayuno nang dalawang buwang magkasunod, na hindi siya titigil sa pag-aayuno sa loob nito malibang dahil sa isang

[7] Pag-aayuno sa ibang araw para sa mga araw na hindi nakapag-ayuno o nasirang pag-aayuno.
[8] Pagbabayad sa kasalanan o pagkakamali.

dahilang tangap sa Sharí'ah gaya ng sa mga araw ng dalawang 'Íd at Tashríq, o dahil sa isang dahilang pisikal gaya ng pagkakasakit o paglalakbay nang walang layuning tumigil sa pag-aayuno. Kung sakaling tumigil sa pag-aayuno kahit isang araw lamang, kinakailangang ulitin niya ang pag-aayuno mula sa simula upang matamo ang pagkakasunod-sunod. Kung hindi niya makakaya ang pag-aayuno ng dalawang buwan na magkakasunod, kailangang siya ay magbigay ng pagkain sa 60 dukha.

3. **Ang paglabas ng punlay nang may pag-nanais** dahilan sa

paghalik o pagpaparaos ng sarili o iba pang dahilan sapagkat tunay na ito ay nakasisira sa pag-aayuno at kina-kailangan ang pagsasagawa ng qadá‘ nang walang kalakip na kaffárah. Ang pagdanas ng *wet dream* ay hindi nakasisira sa ayuno.

4. **Ang pagpapalabas ng dugo sa pamama-gitan ng hijámah[9] o ang pagpapakuha ng dugo upang iabuloy.** Ang pagpapakuha ng kaunting dugo gaya ng isang nagpakuha para ipasuri, ito ay hindi nakasisira sa pag-aayuno. Gayon din

[9] O *cupping* sa Ingles ay isang uri ng panggagamot sa pamamagitan ng pag-aalis ng kaunting dugo sa ulo.

ang paglabas ng dugo nang walang pagnanais gaya ng balinguy-ngoy o pagkasugat o pagkabunot ng ngipin ay hindi nakaaapekto sa pag-aayuno.

5. **Ang pagsuka nang sadya.** Kapag naman lumabas ito nang walang pagnanais, walang anuman ito.

Itong limang nakasisirang sa pag-aayuno, makasisira lamang sa pag-aayuno ng nag-aayuno ang anuman sa mga ito kung nang ginawa niya ito ay nalalaman niya, naaala-ala, at ninanais. Kung siya ay hindi naka-aalam sa patakaran kaugnay sa mga ito o hindi nakaaalam sa oras — halimbawa: inaakala niya na ang

madaling-araw ay hindi pa sumapit, o inaakala niya na ang araw ay lumubog na, at iba pang tulad nito — hindi masisira ang pag-aayuno niya. Gayon din kung siya ay nakaalaala ngunit kung siya ay nakalimot, ang pag-aayuno niya ay tum-pak. Kung siya ay nagnanais din sa sanda-ling gumagawa ng nakasisisra sa pag-aayuno, [sira na ang pag-aayuno niya]. Ngunit kung siya ay napilitan, ang pag-aayuno niya ay tumpak at wala nang qaḏá‘ para rito.

**6.** Kabilang din sa mga nakasisira sa pag-aayuno ang paglabas ng dugo ng regla

o nifás.[10] Kaya sa sandaling nakita ng babae ang naturang dugo, nasira na ang pag-aayuno niya. Ipinag-babawal din sa babae, kapag nireregla o dinu-dugo ng nifás, na mag-ayuno ngunit kaila-ngan sa kanya na magsagawa siya ng qaḏá' pagkatapos ng Ramaḏán para sa mga araw na hindi niya napag-ayunuhan.

## Mga Gawaing Hindi Nakasisira sa Pag-aayuno

**1.** Ang pagpaligo, ang paglangoy, at ang pag-papalamig laban sa init.

**2.** Ang pagkain, ang pag-inom, at ang pakiki-pagtalik sa gabi hanggang sa

[10] Dugong lumalabas sa babae matapos magsilang.

bago mapato-tohanan ang pagsapit ng madaling-araw.

**3.**Ang paggamit ng *siwák* sapagkat ito ay hindi nakaaapekto sa pag-aayuno sa anumang oras sa araw, bagkus ito ay kabilang sa mga kaibig-ibig na gawain.

**4.**Ang paggamit ng anumang uri ng gamot na *halál* na hindi nakabubusog. Kaya naman ipinahihintulot ang pagpapaturok ng gamot na hindi nakabubusog, ang pagpapapatak ng gamot sa mata at tainga kahit pa malasa-han ang lasa ng gamot sa lalamunan gayong ang pagpapaliban niyo hanggang sa iftár ay higit na angkop. Gayon din

naman, ipinahi-hintulot ang paggamit ng *asthma atomizer* [o *asthma inhaler*]. Hindi masisira ang pag-aayuno sa pagtikim ng pagkain sa kundis-yong walang anumang aabot sa tiyan. Wala ring masama sa pagmumumog at pagsinga ng tubig na ipinasok sa ilong subalit huwag pasosobrahan ito upang walang anumang tubig na makarating sa tiyan. Wala ring masama sa paggamit ng pabango at pag-langhap ng mga mabangong bagay.

**5.** Ang nireregla at ang may nifás, kapag nahinto na sa kanila ang paglabas ng dugo sa gabi [bago magmadaling-araw], ay ipinahihintulot sa kanila ang

pagpapaliban sa pagpaligo hang-gang sa matapos sumapit ang madaling-araw. Pagkatapos ay saka sila maligo para sa saláh sa fajr. Ganito rin ang gagawin ng junub.

## Mga Paalaala

**1.** Kapag yumakap sa Islam ang isang di-Muslim sa araw ng Ramadán, isinasatungkulin sa kanya ang tumigil sa anumang nakasisira sa pag-aayuno sa nalalabing bahagi ng araw na iyon ngunit hindi isinasatungkulin sa kanya ang pagsasagawa ng qadá‘.

**2.** Kailangang magkaroon sa gabi ng hangaring mag-ayuno sa anumang

oras ng gabi at bago sumapit ang madaling-araw. Iyon ay sa pag-aayunong isinatungkulin samantalang sa pag-aayuno naman na sunnah,[11] matatanggap ang magkaroon ng hangarin matapos sumapit ang madaling-araw at kahit pa matapos na sumikat ang araw sa kundisyong wala pang anumang nakain.

**3.**Kaibig-ibig para sa nag-aayuno na manala-ngin ng anumang maibigan sa sandali ng pag-kain ng iftár dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Tunay ang***

---

[11] Ayon sa Sunnah ni Propeta Muhammad (SAS) ang isang gawain kung: (1) alinsunod sa nakagawian o ginawa ng Propeta (SAS) o (2) kanais-nais ngunit hindi fard o hindi kailangang isagawa.

***nag-aayuno sa sandali ng pag-kain ng iftár niya ay talagang may panala-nging hindi tatanggihan.*** (Iniulat ito ni Imám Ibnu Májah: 1743.) Isa sa panalanging nasa-saad sa Hadíth ay ang magsabi ng: **Dhahaba -dhdhama'u wa -btallati -l'urúqu wa thabata -l'ajru in shá'a -lláh.**[12]

**4.** Ang sinumang nakaalam sa araw na sumapit na ang Ramadán ay isinasatungkulin sa kanya ang tumigil kaagad sa anumang nakasisisra sa pag-aayuno at kailangan sa kanya ang magsagawa ng qadá'.

[12] Lumisan ang uhaw, nabasa ang mga ugat at natiyak ang gantimpala, kung loloobin ni Allah.

**5.**Kaibig-ibig para sa sinumang kailangang magsagawa ng qadá‘ ang magmadali sa pag-sasagawa niyon upang makaalpas sa pana-nagutan, ngunit ipinahihintulot rin sa kanya ang magpaliban niyon. Ipinahihintulot din na mag-ayuno siya bilang qadá‘ niya nang magkakasunod o magkakahiwalay[13] ngunit hindi ipinahihintulot sa kanya na ipagpaliban iyon hanggang sa matapos ang kasunod na Ramadán kung walang katanggap-tanggap na kadahilanan.

[13] Kung ang pag-aayunong nasira o nawalan ng saysay ay hindi dahil sa pakikipagtalik.

# Ang mga Sunnah sa Pag-aayuno

**1.** Ang sahúr[14] dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Kumakin kayo ng sahúr sapagkat tunay na sa sahúr ay mayroong biyaya.*** (Muttafaq ‘alayhi: 1923, 1095.) Ang sunnah sa pagkain ng sahúr ay ang kainin ito kapag malapit na ang madaling-araw dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Hindi maaalis ang mga tao sa mabuti hanggat minamadali nila ang pagkain ng iftár.*** (Muttafaq ‘alayhi: 1957, 1098.)

[14] Ang kinakain sa madaling-araw bago simulan ang ayuno.

**2.**Ang pagmamadali sa pagkain ng iftár kapag natiyak ang paglubog ng araw. Ang sunnah ay ang pagkain ng iftár na *rutab* (sariwang datiles). Ngunit kung walang mahanap ay maaari na ang *tamr* (hindi sariwang datiles). Kung wala ring mahanap ay maaari na ang tubig. Kung wala pa ring mahanap na anuman sa mga iyon ay maaari na ang iftár na kahit anong mayroon.

**3.**Ang pananalangin habang nag-aayuno lalo na sa sandali ng pagkain ng iftár dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***May tatlong pana-langing tinutugon: ang panalangin ng nag-aayuno, ang panalangin ng***

***naapi, at ang panalangin ng naglalakbay.***

Kabilang din sa nararapat gawin ng nag-aayuno ang pagsasagawa ng qiyámullayl[15] sa Ramadán dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang nagsagawa ng qiyámullayl sa Ramadán dahil sa pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin ang nauna sa pag-kakasala niya.*** (Muttafaq 'alayhi: 2009, 759.) Kaya naman nararapat sa Muslim ang pagbuo sa saláh na taráwíh kasama ng imám dahil

[15] Anumang saláh na matapos ang 'ishá' hanggang bago magmadaling-araw, gaya ng taráwíh at tahajjud.

ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang nagsa-gawa ng qiyámullayl kasama ng imám hang-gang sa umalis ito, itatala para sa kanya ang pagkakasagawa ng qiyámullayl.*** Gayon din, kabilang sa nararapat na gawin ng madalas sa Ramadán ang madalas na pag-bibigay ng kawang-gawa. Nararapat din ang pagsisikap sa pagbabasa ng Qur'án sapagkat ang buwan ng Ramadán ay buwan ng Qur'án at ang nag-babasa ng Qur'án ay may isang hasanah (gawang maganda) sa bawat titik [na binasa] at ang isang hasanah ay may gantimpalang katumbas sa sampung tulad nito**.**

# Ang Saláh na Taráwíh

Ang saláh na taráwíh ay ang qiyámullayl na isinasagawa sa jamá‘ah sa Ramadán. Ang oras nito ay mula pagkatapos ng saláh na ‘ishá‘ hanggang sa bago sumapit ang madaling-araw. Inudyukan ng Propeta (SAS) ang pagsasagawa ng qiyámullayl sa Ramadán. Ang sunnah ay na magdasal ng labing-isang rak‘ah; magsagawa ng taslím matapos ang bawat dalawang rak‘ah. Kung lalabis sa labing-isang rak‘ah ay walang masama. Bahagi ng sunnah sa saláh na taráwíh din ang paghihinay-hinay at ang pagpapahaba sa pagsasagawa na hindi naman magpapahirap sa mga

nagdarasal. Walang masama sa pagdalo ng mga babae sa saláh na taráwíh kapag ligtas sa tukso at sa kundisyong lalabas sila nang mahinhin, hindi nagtatanghal ng gayak, at hindi nakapabango.

## Ang Pag-aayunong Kusang-loob

Inudyukan ng Sugo ni Allah (SAS) ang pag-aayuno sa mga sumusunod na araw:

**1.** Anim na araw sa buwan ng Shawwál dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***Ang sinumang nag-ayuno sa Ramadán at pinasundan ito ng anim na araw [na pag-aayno] sa***

***buwan ng Shawwál, ito ay gaya ng pag-ayuno ng isang taon.*** (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1164.)

**2.** Sa mga araw ng Lunes at Huwebes.

**3.** Tatlong araw sa bawat buwan at maganda kung itatapat ito sa [tinaguriang] mga puting araw: ang ika-13, ika-14, at ika-15 araw.[16]

**4.** Sa araw ng 'Áshúrá', ang ika-10 araw ng buwan ng Muharram. Kaibig-ibig na mag-ayuno ng isang araw bago ang 'Áshúrá' o isang araw matapos nito, bilang pagsalungat sa mga Hudyo dahil ayon kay Abú Qatádah (RA) na

[16] Sa anumang buwan sa kalendaryo ng Islam.

nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang pag-aayuno sa araw ng 'Áshúrá' ay inaasahan ko mula kay Allah na mag-tatakip-sala sa taon bago nito.***

**5.**Sa araw ng 'Arafah, ang ika-9 araw ng buwan ng Dhulhijjah dahil ayon sa Hadíth: ***Ang pag-aayuno sa araw ng 'Arafah ay inaa-sahan ko mula kay Allah na magtatakip-sala sa taon bago nito at taon matapos nito.***

## Ang mga Araw na Bawal Mag-ayuno

**1.** Ang mga araw ng ‘Íd: ‘Ídulfitr at ‘Ídul’ad'há.

**2.** Ang mga araw ng Tashríq: ang ika-11, ang ika-12, at ang ika-13 araw ng Dhulhijjah. Ang mga nagsasagawa ng hajj na qirán o tamattu‘ ay mag-aayuno pa rin kung hindi nagkaroon ng hady.

**3.** Sa mga araw ng pagreregla at nifás.

**4.** Ang boluntaryong pag-aayuno ng isang babae — habang ang asawa niya ay kapiling niya — nang walang pahintulot nito dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***Hindi mag-aayuno ang babae samantalang ang***

***asawa niya ay kapiling, malibang may kapahintulutan nito kapag hindi Ramadán.***